

Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao.

PURIFICENT nos, quaesumus, omnipotens et misericors Deus, sacramenta quae sumpsimus: et, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, praesta; ut hoc tuum sacramentum non sit nobis reatus ad poenam, sed intercessio salutaris ad veniam: sit ablutio scelerum, sit fortitudo fragilium, sit contra omnia mundi pericula firmamentum: sit vivorum atque mortuorum fidelium remissio omnium delictorum. Per Dominum.

MALINIS nawa ang aming kalooban, makapangyarihan at mahabaging Dios, sa tinanggap naming banal na misterio: at pakundangan sa pagdalangin ng iyong mga Santo, ang sakramento na ito ay hindi nawa maging sanhi ng aming pagkakasala at pagpaparusa, ngunit bilang isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagliligtas; makapagpahugas sa aming diwa mula sa pagkakasala; maging sandigan ito sa aming kahinaan; maging pananggol sa mga sakuna; at para sa mga nabubuhay at nangamatay na kapatid sa pananampalataya, nawa'y makatulong ito upang matamo nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo...

Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, haharap ang pari sa bayan, sasabihin ang mga katagang "Humiliáte cápita vestra Deo" (Iyuko niyo ang inyong mga ulo sa Dios.)

PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN

FIDELES tuos, Deus, benedictio desiderata confirmet: quæ eos et a tua voluntate numquam faciat discrepare, et tuis semper indulgeat beneficiis gratulari. Per Dominum.

ANG Iyong pagbabasbas na nilulungati ng iyong bayan ang magpalakas sa kanila, O Dios, upang sumunod silang palagi sa Iyong kalooban at magdiwang sa mga kaloob mo't pagpapatnubay. Sa pamamagitan ni Jesucristo...

Hermandad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalin

MISA PARA SA APAT NA ARAW NG PANAHON **SA PANAHON NG CUARESMA** o tinatawag na din na «*de Temporas*»

Ang *de Temporas* o *Apat na Pagluhog sa Pag-inog ng Taon* ay ang mga tanging araw kung saan tayo'y dumudulog sa Dios habang nagtitika tayo sa ating mga kasalanan. Mahalaga ang mga panahong ito upang lalo nating isabuhay ang ating pananampalataya na naka-ugat sa Panginoon. Isa pa ay ang ating pagpapasalamat sa lahat ng biyaya na ating tinanggap sa Kaniya. Ngayong *Cuaresma*, mas pina-iigting natin ang ating pakikibaka laban sa damdaming makalaman at makamundong hilig. Sa mga Pagbasa at Panalangin sa Misa na ating mababasa o maririnig ngayong araw, ito'y lahat patungkol sa dapat nating taglayin na kaisipan at pamumuhay: malinis, dalisay, at nasa tamang landas na nasa Panginoon. Kung sisikapin nating gumawa ng tama, araw-araw tayong nagsusumikap na maging "ganap tulad ng Ama sa langit."

MISA NG SÁBADO

Misa "Intret"

• III cl • Simple • Lila

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Ps 87:3*

INTRET oratio mea in conspectu tuo: inclina aurem tuam ad precem meam, Dómine. — *Ps 87:2* Dómine, Deus salútis meæ: in die clamávi, et nocte coram te. *V.* Gloria Patri. Intret.

PUMAILANLANG nawa ang pagdalangin ko sa Iyong harapan: ikiling Mo ang iyong tainga sa aking pagsusumamo, O Panginoon. — *Ps 87:2* Poong Dios na kaligtasan ko, sa maghapon at magdamag, ako'y dumaraing sa harap Mo. *V.* Luwalhati sa Ama. — Pumailanlang...

Sasambitin ng pari o diakono ang mga ito:

V. Flectuamus genua.

R. Levate.

POPULUM tuum, quæsumus, Dómine, propítius réspice: atque ab eo flagélla tuæ iracúndiæ cleménter avérte. Per Dóminum.

V. Tayo'y lumuhod.

R. Tumayo.

TUNGHAYAN Mong mahabagin itong Iyong bayan, isinasamo namin, Panginoon, at sa Iyong kagandahang-loob, ilayo Mo po sa kanila ang hagupit ng Iyong poot. Alang-alang kay Jesucristong...

PAGBASA I • Dt 26:12-19

Pagbasa mula sa aklat ng Deuteronomio.

NOONG PANAHOONG IYON: Nagwika si Moises sa harap ng bayan, at sinabi: "Kapag naibigay na ninyo ang ikasampung bahagi ng inyong ani sa mga Levita, sa mga dayuhan, sa mga ulila at sa mga biyuda, para mayroon silang masaganang pagkain. Pagkatapos, sabihin ninyo sa presensya ng Panginoon na inyong Dios, 'Kinuha ko na po sa aking bahay ang banal na bahagi, iyon ang ikasampung bahagi, at ibinigay sa mga Levita, sa mga dayuhan, sa mga ulila at sa mga biyuda ayon sa lahat ng iniutos n'yo sa amin. Hindi po ako sumuway o lumimot sa kahit isang utos ninyo. Hindi ko po ito kinain habang nagdadalamhati ako; hindi ko ito ginalaw habang itinuturing akong marumi at hindi ko po ito inihandog sa patay. O Panginoon na aking Dios, sinunod ko po kayo. Ginawa ko ang lahat ng iniutos ninyo sa amin. Tingnan po ninyo kami mula sa inyong banal na tahanan sa langit, at pagpalain ang mga mamamayan ninyong Israelita at ang maganda at masaganang lupain na ibinigay ninyo sa amin ayon sa ipinangako ninyo sa aming mga ninuno. Sa araw na ito, inuutusan kayo ng Panginoon na inyong Dios na sundin ninyong lahat ang utos at tuntuning ito. Kaya't sundin ninyo itong mabuti nang buong puso't kaluluwa. Ipinahayag ninyo sa araw na ito na ang Panginoon ang inyong Dios at mabubuhay kayo ayon sa kanyang pamamaraan, dahil susundin ninyo ang kanyang mga utos at mga tuntunin, at susundin ninyo siya. At ipinahayag din ng Panginoon sa araw na ito, na kayo ang natatanging mamamayan ayon sa kanyang ipinangako, at dapat kayong sumunod sa lahat ng utos niya. Ayon sa kanyang ipinangako, gagawin niya kayong higit kaysa sa lahat ng bansa; pupurihin at pararangalan kayo. Kayo ay magiging mga mamamayang pinili ng Panginoon na inyong Dios." — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT • Ps 78:9-10

PROPITIUS esto, Dómine, peccátis nostris: ne quando dicant gentes: Ubi est Deus eórum?

V. Adiuva nos, Deus, salutáris noster: et propter honórem nóminis tui, Dómine, líbera nos.

PATAWARIN Mo po ang aming mga pagsuway, O Panginoon: at baka sabihin ng mga bansa, "Nasaan ang inyong Dios?"

V. Kaya't saklolohan Mo po kami, O Dios naming manliligtas, at alang-alang sa ikaluluwalhati ng iyong ngalan, Panginoon, palayain mo po kami.

• *Prepasyo ng Cuaresma.*

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 7:2

DOMINE, Deus meus, in te sperávi: líbera me ab ómnibus persequéntibus me, et éripe me.

POON kong Dios, sa Iyo ako'y nagtitiwala: iligtas mo po ako sa lahat kong mga mang-uusig, at lingapin mo ako.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SANCIFICATIONIBUS tuis, omnípotens Deus, et vítia nostra curéntur, et remédia nobis æténa provéniant. Per Dominum.

PAKUNDANGAN sa mga banal na misteriong ito, O makapangyarihang Dios, ay lunasan kami mula sa mga masasamang hilig naming nasakanayan, at sa bisa naman nito'y matanggap namin ang walang hanggang kagalingan. Sa pamamagitan ni Jesucristo...

Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal

MUNDET et múniat nos, quæsumus, Dómine, divíni sacraménti munus oblátum: et, intercedénte beáta Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, a cunctis nos reddat et perversitátibus expiátos, et adversitátibus expeditos. Per eúndem Dóminum.

PAGTIBAYAN at malinisan nawa kami, aming iniluluhog sa iyo, Panginoon, sa pamamagitan ng mabathalang sakramento na inihandog namin: at, sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Biheng Maria, Ina ng Dios, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, linisin mo nawa kami sa lahat ng aming maling gawain, at iligtas sa lahat ng kapahamakan.. Sa pamamagitan pa rin...

Nang marinig iyon ng mga tagasunod, nagpatirapa sila sa takot. Pero nilapitan sila ni Jesus at tinapik. Sinabi niya, “Tumayo kayo. Huwag kayong matakot.” Pagtingin nila, wala na silang ibang nakita kundi si Jesus na lamang. Nang pababa na sila sa bundok, sinabihan sila ni Jesus, “Huwag ninyong sasabihin kahit kanino ang inyong nakita hangga’t ang Anak ng Tao ay hindi pa muling nabubuhay.” —

R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 30:15-16

DOMINE, Deus salutis meae, in die clamavi et nocte coram te: intret oratio mea in conspectu tuo, Domine.

POONG Dios na kaligtasan ko, sa maghapon at magdamag, ako’y dumaraing sa harap Mo: pumailanlang nawa ang panalangin ko sa iyong harapan, Panginoon.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

PRÆSENTIBUS sacrificiis, quæsumus, Domine, ieiunia nostra sanctifica: ut, quod observantia nostra proficitur extrinsecus, interior operetur. Per Dominum.

PABANALIN Mo nawa, O Panginoon, itong pag-aayuno na aming ginagawa pakundangan sa paghahain sa dambana na nakalaan, upang ang ginagawa nami’y pakinabangan ng aming mga kaluluwa. Sa pamamagitan ni Jesucristo...

Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal

EXAUDI nos, Deus, salutaris noster: ut, per hujus sacramenti virtutem, a cunctis nos mentis et corporis hostibus tuearis; gratiam tribuens in presentia, et gloriam in futuro. Per Dominum.

PAKINGGAN mo kami, O Dios na aming manliligtas: at sa iyong nakakagaling na sakramento, ipagtanggol Mo kami sa kaaway ng katawan at isipan. Pagkalooban Mo nawa kami ng grasya ngayon, at kaluwalhatian sa panghinaharap. Sa pamamagitan...

Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao.

DEUS, cui soli cognitus est numerus electorum in superna felicitate locandus: tribue, quaesumus; ut, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, universorum, quos in oratione commendatos suscepimus, et omnium fidelium nomina, beatæ prædestinationis liber adscripta retineat. Per Dominum.

O DIOS, ikaw lamang nakakaalam ng bilang ng mga nahalal na makamtan ang kaligayahan sa langit. Igawad mo nawa, aming isinusumamo sa iyo, sa pagdalangin ng Iyong mga santo, nawa’y lahat ng mga pangalan na aming inihabilin sa aming panalangin at sa panalangin ng sambayanang sumasampalataya ay marapat na mapabilang sa aklat ng mga pinagpala. Alang-alang sa Anak Mo...

Sasambitin ng pari o diakono ang mga ito:

V. Flectuamus genua.

R. Levate.

PROTECTOR noster, aspice, Deus: ut, qui malorum nostrorum pondere premimur, percipita misericordia, libera tibi mente famulemur. Per Dominum.

V. Tayo’y lumuhod.

R. Tumayo.

O DIOS na tagapagtanggol namin, tigni’t kaawan kaming nasasadalak sa mabigat na pasanin bunga ng aming mga sala: matanggap nawa namin ang Iyong habag, upang mapaglingkuran ka naming wagas na walang ligalig sa buo naming katauhan. Alang-alang kay Jesucristong...

PAGBASA II • Dt 11:22-25

Pagbasa mula sa aklat ng Deuteronomio.

NOONG PANAHONG IYON: Nagwika si Moises sa bayan ng Israel: “Kung susundin ninyong mabuti ang lahat ng mga utos na ibinibigay ko sa inyo, na mahal ninyo ang Panginoon na inyong Dios at mabuhay ayon sa kanyang pamamaraan at manatili sa kanya, itataboy ng Panginoon ang mga tao sa lupain na inyong aangkinin kahit na mas malaki at mas makapangyarihan pa sila sa inyo. Ang lahat ng lupang matatapkan ninyo ay magiging inyo: mula sa disyerto papunta sa Lebanon, at mula sa Ilog ng Eufrates hanggang sa Dagat ng Mediteraneo. Walang makapigil sa inyo, pagka’t ang Panginoon na inyong Dios sa inyo ay lolobin niyang matakot ang mga tao sa inyo saanmang dako kayo pumunta sa lugar na iyon, ayon sa ipinangako ng Panginoon na inyong Dios.” — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT • Ps 83:10, 9

PROTECTOR noster, aspice, Deus, et respice super servos tuos.

V. Domine, Deus virtutum, exaudi preces servorum tuorum.

O DIOS na tagapagtanggol namin, tigni’t kaawan itong mga lingkod mo.

V. Panginoong Dios na makapangyarihan, pakapakinggan ang pagsamo ng iyong mga lingkod.

V. Flectuamus genua.

R. Levate.

ADESTO, quæsumus, Dómine, supplicatióne nostris: ut esse, te largiénte, mereámur et inter próspera húmiles, et inter advérsa secúri. Per Dóminum.

V. Tayo'y lumuhod.

R. Tumayo.

LINGAPIN Mo, isinasamo namin sa Iyo, Panginoon, itong pakumbaba naming pagdulog, upang sa Iyong abut-abot na kaloob ay pagindapatin mo kaming mapagkumbaba sa panahon ng kasaganaan at ligtas sa lahat ng ligalig. Alang-alang kay Jesucristong...

PAGBASA III • 2 Mc 1:23-27

Pagbasa mula sa aklat ng mga Maccabeo.

NOONG PANAHOONG IYON: Habang nasusunog ang mga handog, nanalangin ang mga pari at mga naroon. Namuno si Jonathan habang sumasagot naman si Nehemias at ang mga naroon. Ito ang kanilang asal: "Panginoon, Panginoong Dios na Lumukha ng lahat ng bagay, kinatatakutan at makapangyarihan, makatarungan at maawain, tanging ikaw lamang ang mabuting Hari. Ikaw lamang ang may magandang kalooban, matuwid, makapangyaruhan sa lahat, at walang hanggan. Ikaw na nagliligtas sa Israel sa lahat ng kasamaan, na humirang sa aming mga ninuno at ginawa silang banal, tanggapin Mo ang handog ng iyong bayang Israel. Ingatan at pakabalin ang mga naging pamana Mo, para malaman ng mga pagano na ikaw ang aming Dios." — *R. Salamat sa Dios.*

PANINGIT NA AWIT • Ps 89:13,1

CONVERTERE, Dómine, aliquántulum, et deprecáre super servos tuos.

V. Dómine, refúgium factus es nobis, a generatióne et progénie.

IBALING mong bahagya ang iyong mukha, Poon, at kalugdan na pakinggan ang iyong mga lingkod.

V. Poong Dios ang siyang naging aming tanggulan, at ng salit-saling lahi.

SULAT • 1 Tes 5:14-23

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica.

MGA KAPATID: Nakikiusap kami na inyong pagsabihan ang mga tamad, pasiglahin ang mahihinang-loob, at kalingain ang mga mahihina. Maging matiyaga kayo sa kanilang lahat. Huwag ninyong paghigantihan ang gumawa sa inyo ng masama; sa halip, magpatuloy kayo sa paggawa ng mabuti sa isa't isa at sa lahat. Magalak kayong lagi, palagi kayong manalangin, at magpasalamat kayo sa Dios sa lahat ng pagkakataon; sapagkat ito ang kalooban ng Dios para sa inyo sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus. Huwag ninyong hadlangan ang Espiritu Santo. Huwag ninyong baliwalain ang anumang pahayag mula sa Dios. Suriin ninyo ang lahat ng bagay at panghawakan ang mabuti. Lumayo kayo sa lahat ng uri ng kasamaan. Nawa'y lubusan kayong gawing banal ng Dios na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan, ang espiritu, kaluluwa at katawan, hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo. — *R. Salamat sa Dios.*

PANINGIT NA AWIT • Ps 117:1-2

LAUDATE Dóminum, omnes gentes: et collaudáte eum, omnes pópuli.

V. Quóniam confirmáta est super nos misericórdia eius: et véritas Dómini manet in atérnum.

PURIHIN ninyo, lahat kayong mga bansa, ang Poong Mahal! Luwalhatiin niyo Siya, kayong mga tao!

V. Sapagka't matapat ang kaniyang kagandahang-loob sa atin: at ang katapatan ng Poon ay nananatili magpakailapaman.

EBANGHELIO • Mt 17:1-9

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHOONG IYON: Isinama ni Jesus sina Pedro at ang magkapatid na Santiago at Juan sa isang mataas na bundok ng sila-sila lang. At habang nakatingin sila kay Jesus, nagbago ang kanyang anyo. Nagliwanag na parang araw ang kanyang mukha, at ang damit niya'y naging puting-puti na parang liwanag. Bigla nilang nakita sina Moises at Elias na nakikipag-usap kay Jesus. Sinabi ni Pedro kay Jesus, "Panginoon, mabuti't narito tayo. Kung gusto n'yo po, gagawa ako ng tatlong kubol: isa para sa inyo, isa para kay Moises at isa para kay Elias." Habang nagsasalita pa si Pedro, nabalot sila ng nakakasilaw na ulap. At may tinig silang narinig mula sa mga ulap na nagsasabing, "Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan. Pakinggan ninyo siya!"

Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal

A CUNCTIS NOS, quæsumus, Dómine, mentis et córporis defénde perículis: et, intercedénte beáta et gloriósa semper Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, salutem nobis tríbue benígus et pacem; ut, destrúctis adversitátibus et erróribus univérsis, Ecclésia tua secúra tibi sérviat libertáte. Per eúndem Dóminum.

Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao.

OMNIPOTENS sempiternus Deus, qui vivorum dominaris simul et mortuarum, omniumque misereris, quos tuos fide et opere futuros esse prænoscis: te supplices exoramus; ut, pro quibus effundere preces decrevimus, quosque vel præsens saeculum adhuc in carne retinet, vel futurum iam exutos corpore suscipit, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, pietatis tuae dementia omnium delictorum suorum veniam consequantur. Per Dominum.

IPAGTANGGOL MO KAMI mula sa lahat ng mga panganib sa aming katawan ang pag-iisip, Panginoon, hinihiling namin: at sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Dios, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, puspusin mo nawa kami ng kaligtasan at kapayapaan sa pamamagitan ng iyong kabutihan, nang sa ganoon ay sa pagkawasak ng kahirapan at kamalian, nawa ay mapagsilbihan kayo sa kapayapaan ng Santa Iglesiang hirang. Sa pamamagitan pa rin...

MAKAPANGYARIHAN at walang-hanggang Dios, ikaw ang naghahari sa nangamatay at sa mga nabubuhay, at maawain sa lahat na nakakaalam na sila ay sa Iyo dahil sa pananampalataya at mabuting gawain. Pakumbaba naming isinasamo namin sa iyo, para sa kanila na ang aming mga panalangin ay ibinuhos, kung sila man ay nanatili pa sa kanilang katawang-lupa o kaya'y tinanggap na sa kabilang buhay ang kanilang kaluluwa, nawa'y sa iyong pag-ibig at kabutihan, at sa panalangin ng mga Santo, makamit nawa nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang mga kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo...

Sasambitin ng pari o diakono ang mga ito:

V. Flectuamus genua.

R. Levate.

PRECES pópuli tui, quæsumus, Dómine, cleménter exáudi: ut, qui iuste pro peccátis nostris affligimur, pro tui nóminis glória misericórditer liberémur. Per Dóminum.

V. Tayo'y lumuhod.

R. Tumayo.

PAKINGGAN Mo ang panalangin ng iyong bayan, Panginoon, isinasamo namin, upang kami na marapat lamang na dumaranas ng hirap bunga ng aming pagsuway, kami nawa'y mahango pakundangan sa ikaluluwalhati ng Iyong ngalan. Alang-alang kay Jesucristong...

PAGBASA IV • Sir 36:1-10

Pagbasa mula sa aklat ng Karunungan.

MAHABAG ka sa amin, Panginoon, Dios ng sanlibutan, lingapin mo kami, at gawin mong igalang ka ng lahat ng bansa. Kumilos ka laban sa mga bansang hindi kumikilala sa iyo, ipakita mo sa kanila ang iyong kapangyarihan. Ginamit mo kami upang makita nila ang iyong kabanalan, gamitin mo naman sila nang makita namin ang iyong kapangyarihan. Sa gayon, makikilala nila, tulad ng pagkakilala namin, na walang ibang Dios maliban sa iyo, Panginoon. Magpakita ka ng mga bagong himala, gumawa ka muli ng mga kamangha-manghang bagay; ipakita mo ang lakas ng iyong kapangyarihan. Pag-alabin mo sa kanila ang iyong galit, ibuhos mo sa kanila ang iyong poot, puksain mo ang aming mga kaaway, durugin mo silang lahat. Alalahanin mo ang iyong pangako; ipatupad mo iyon sa madaling panahon, upang isalaysay ng mga tao ang iyong mga kahanga-hangang gawa. Tupukin mo sa ningas ng iyong galit ang mga tumatakas, lipulin mong lahat ang mga nagmalupit sa iyong bayan. Durugin mo ang ulo ng mga prinsipeng paghihimagsik sa iyo. Madaliin mo ang pag-inog ng panahon, upang ihayag nila ang kahanga-hanga Mong mga gawa, O Panginoong Dios namin. — *R.* **Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT • Ps 140:2

DIRIGATUR oratio mea sicut incensum in conspéctu tuo, Dómine.

V. Elevatio mánuum meárum sacrificium vespertínium.

UMAKYAT nawa ang aking pagdalangin tulad ng isang insenso sa iyong harapan, O Panginoon.

V. At itataas ko ang aking kamay tulad ng paghahain sa dapit-hapon.

Sasambitin ng pari o diakono ang mga ito:

V. Flectuamus genua.

R. Levate.

ACTIÓNES nostras, quásumus, Dómine, aspirándo práveni, et adiuvándo proséquere: ut cuncta nostra orátio et operátio a te semper incípiat, et per te coepta finiátur. Per Dóminum.

V. Tayo'y lumuhod.

R. Tumayo.

ITAGUYOD Mo nawa ang aming mga ginagawa, isinasamo namin, Panginoon, at pagibayuhin Mo itong ganap sa tulong Mong wagas, upang ang lahat naming ginaganap ay magsimula at magwakas sa Iyo lamang. Sa pamamagitan ni Jesucristo...

PAGBASA V • Dan 3:47-51

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Daniel.

NOONG PANAHONG IYON: Bumabâ ang isang anghel ng Panginoon at sinamahan ang tatlong kabataan. Itinulak ng anghel ang apoy papalayo sa tatlo at ginawang sa paligid nila'y tila may umiihip na napakalamig na hanging parang hamog. Kaya't hindi sila nalapatan ng apoy o nasaktan dahil dito. Habang naroon sa loob ng pugon, ang tatlong kabataan ay sama-samang nagpuri at nagparangal sa Dios:

AWIT NG TATLONG KABATAAN • Dan 3:52-56

BENEDICTUS es, Dómine, Deus patrum nostrórum. Et laudábilis et gloriósus in sácula.

Et benedíctum nomen glóriæ tuæ, quod est sanctum. Et laudábile et gloriósum in sácula.

Benedíctus es in templo sancto glóriæ tuæ. Et laudábilis et gloriósus in sácula.

Benedíctus es super thronum sanctum regni tui. Et laudábilis et gloriósus in sácula.

Benedíctus es super sceptrum divinitátis tuæ. Et laudábilis et gloriósus in sácula.

PINUPURI ka namin, Panginoon; Dios ng aming mga ninuno; karapat-dapat po kayong parangalan at dakilain magpakailanman!

Purihin po ang iyong marangal at banal na pangalan. nararapat kang purihin at parangalan magpakailanman.

Purihin ka sa iyong banal at marangal na tahanan; karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman.

Purihin ka, na nakaupo sa maningning mong trono, karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman.

Purihin ka sa setro ng iyong pagka-Dios; karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman.

Benedíctus es, qui sedes super Chérubim, íntuens abýssos. Et laudábilis et gloriósus in sácula.

Benedíctus es, qui ámbulas super pennas ventórum et super undas maris. Et laudábilis et gloriósus in sácula.

Benedícant te omnes Angeli et Sancti tui. Et laudent te et gloríficent in sácula.

Benedícant te cœli, terra, mare, et ómnia quæ in eis sunt. Et laudent te et gloríficent in sácula.

Glória Patri, et Fílio, et Spirítui Sancto. Et laudábili et glorióso in sácula.

Sicut erat in princípío, et nunc, et semper: et in sácula sæculórum. Amen. Et laudábili et glorióso in sácula.

Benedíctus es, Dómine, Deus patrum nostrórum. Et laudábilis et gloriósus in sácula.

Purihin ka mula sa iyong luklukan sa ibabaw ng mga Kerubin; karapat-dapat kang purihin at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat ng mga tubig sa ibabaw ng langit; awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat na mga Anghel at mga Banal; awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang Panginoon, kayong langit, lupa, dagat, at lahat ng naroon; awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Luwalhati sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo; karapat-dapat po kayong parangalan at dakilain magpakailanman!

Kapara noong una, ngayon at magpakailanman, Amen; karapat-dapat po kayong parangalan at dakilain magpakailanman!

Pinupuri ka namin, Panginoon; Dios ng aming mga ninuno; karapat-dapat po kayong parangalan at dakilain magpakailanman!

Ang sumusunod na Panalangin ay ang Pangunahing Panalangin sa Misa ng araw na ito.

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui tribus púeris mitigásti flammæ ignium: concéde propítius; ut nos fámulos tuos non exúrat flamma vitiórum. Per Dóminum.

O DIOS, hindi mo hinayaang maano ng apoy ang tatlong kabataan sa pugon. Itulot mo sanang hindi rin kami malamon ng apoy ng kasalanan. Alang-alang sa Anak mo, si Jesucristong Panginoon namin...

Sa mga Misa ngayong araw, idaragdagag ang ika-2 panalangin, "Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal"; ika-3 panalangin, "Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao."